The City of Bellflower

Families. Businesses. Futures.

16600 Civic Center Drive, Bellflower, CA 90706

Tel 562.804.1424 Fax 562.925.8660 www.bellflower.org

PAUNAWA SA MGA BOTANTE NG PETSA NA PAGKARAAN AY WALA NANG MGA PANGANGATWIRAN NA PANIG O LABAN SA ISANG PANUKALA NG LUNSOD NA MAAARING IHARAP SA KLERK NG LUNSOD

ANG PAUNAWA AY IBINIBIGAY na ang isang Pangkalahatang Halalang Munisipal ay gaganapin sa Lunsod ng Bellflower sa Marso 3, 2009, kung saan ihaharap sa mga botante ang sumusunod na panukala:

Ang isang ordinansa ay dapat bang pagtibayin, nang hindi nagtataas ng mga antas ng buwis, upang ipagpatuloy at isamoderno ang buwis sa mga gumagamit ng utilidad ng Bellflower sa mga serbisyong telekomunikasyon upang pondohan ang mga mahahalagang serbisyo, kabilang ang mga serbisyo/mga patrol sa kapitbahayan ng Siyerip; mga programang kaligtasan sa paaralan; pagtanggal ng grapiti; mga programang pagpigil/pagpapatupad na kaugnay ng gang/droga; mga aktibidad pagkalabas ng paaralan; mga serbisyo sa nakatatanda/may kapansanan; mga serbisyo ng aklatan; at ibang mga serbisyo ng pangkalahatang pondo; libre ang mga residenteng maliit ang kita, nag-aatas ng pantay na pagtrato sa mga nagbabayad ng buwis anuman ang teknolohiyang ginamit, mga pagsusuri, komite ng nagbabantay na mamamayan, pampublikong pagrepaso ng paggasta/lokal na kontrol ng mga kita?	**OO** **HINDI**

ANG PAUNAWA AY IBINIBIGAY RIN na alinsunod sa Artikulo 4, Kabanata 3, Dibisyon 9 ng Kodigo sa mga Halalan ng Estado ng California, ang pambatasang lupon ng Lunsod, o sinumang miyembro o mga miyembro nito na inawtorisa ng lupon, o sinumang indibidwal na botante o kinilalalang tunay na kapisanan ng mga mamamayan, o anumang kombinasyon ng mga botante at kapisanan, ay maaaring magharap ng isang nakasulat na pangangatwiran, hindi lalampas sa 300 salita, kasama ang nakalimbag na (mga) pangalan at (mga) pirma ng (mga) awtor na nagharap nito, o kung iniharap sa ngalan ng isang organisasyon, ang pangalan ng organisasyon, at ang nakalimbag na pangalan at pirma ng isa o higit na mga pangunahing opisyal na siyang awtor ng pangangatwiran, panig o laban sa panukala ng Lunsod.

Randy Bomgaars, *Mayor* | Ray T. Smith, *Mayor Pro Tem* | Raymond Dunton, *Council Member* | Dorothy R. King, *Council Member* | Scott A. Larsen, *Council Member*

ANG PAUNAWA AY IBINIBIGAY RIN na, batay sa panahon na makatwirang kailangan upang ihanda at ilimbag ang mga pangangatwiran at halimbawang balota para sa halalan, itinakda ng Klerk ng Lunsod ang Disyembre 8, 2008, sa mga pangkaraniwang oras ng opisina, gaya ng ipinahayag, bilang ang petsa na pagkaraan ay walang mga pangangatwiran na panig o laban sa panukala ng Lunsod na maaaring iharap sa Klerk para sa pagpapalimbag at pamamahagi sa mga botante gaya ng itinatadhana sa Artikulo 4. Ang mga pangangatwiran ay dapat iharap sa Klerk ng Lunsod, kasama ang nilimbag na (mga) pangalan at (mga) pirma ng (mga) awtor na naghaharap nito, o kung iniharap sa ngalan ng isang organisasyon, ang pangalan ng organisasyon, at ang nakalimbag na pangalan at pirma ng isa o higit ng mga pangunahing opisyal na siyang awtor ng pangangatwiran, sa Tanggapan ng Lunsod, 16600 Civic Center Drive, Bellflower, California. Ang mga pangangatwiran ay maaaring baguhin o bawiin hanggang sa at kabilang ang petsa na itinakda ng Klerk ng Lunsod.

ANG PAUNAWA AY IBINIBIGAY RIN na ang konseho ng lunsod ay nagpasiya na ang mga sagot sa pangangatwiran, hindi dapat humigit sa 250 salita ang haba, na iniharap ng mga awtor ng mga sumasalungat na tuwirang pangangatwiran, ay maaaring iharap sa Klerk, kasama ang nakalimbag na (mga) pangalan at (mga) pirma ng (mga) awtor na nagharap nito, o kung iniharap sa ngalan ng isang organisasyon, ang pangalan ng organisasyon, at ang nakalimbag na pangalan at pirma ng isa o higit ng mga pangunahing opisyal nito na siyang awtor ng pangangatwiran, hindi hihigit sa 10 araw pagkaraan ng pangwakas na petsa para sa paghaharap ng mga tuwirang pangangatwiran.

ANG PAUNAWA AY IBINIBIGAY RIN na ang anumang ordinansa, walang-pinapanigang pagsusuri, o tuwirang pangangatwiran na iniharap sa ilalim ng awtoridad ng Kodigo sa mga Halalan ay makukuha para sa pagsusuri ng publiko sa opisina ng Klerk nang hindi kukulangin sa 10 araw ng kalendaryo mula sa huling araw para sa paghaharap ng mga pangangatwiran at pagsusuri. Ang anumang sagot sa pangangatwiran na iniharap sa ilalim ng awtoridad ng mga kodigo sa mga halalan ay makukuha para sa pagsusuri ng publiko sa opisina ng Klerk nang hindi kukulangin sa 10 araw ng kalendaryo mula sa huling araw ng paghaharap ng mga sagot sa pangangatwiran.

Debra D. Bauchop, Klerk ng Lunsod
Pinetsahan: Nobyembre 25, 2008